# Mga Aktibidad

## para sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*

***Para sa home evening o pag-aaral ng mga banal na kasulatan—o para lang sa paglilibang!***



Hulyo 29–Agosto 4

### Maliliit na Bagay, Malaking Kaibhan

PARA SA ALMA 36–38

Sa tulong ng Ama sa Langit, makagagawa ng malaking kaibhan ang maliliit na bagay (tingnan sa Alma 37:6–7). Tumulong sa paggawa ng paborito mong resipe. Ano ang mangyayari sa resipe kung aalisin mo ang isa sa mga sangkap? Pag-usapan kung paano makagagawa ng kaibhan ang maliliit na bagay at paano rin kayo makagagawa ng kaibhan.

**Para sa mas maliliit na bata:** Maghanap ng maliliit na bagay na makatutulong, tulad ng isang maliit na binhi na nagiging halaman o switch ng ilaw na gamit sa pagsindi ng ilaw. Pag-usapan kung paano makagagawa ng malaking kaibhan ang maliliit na bagay, tulad mo!



Agosto 5–11

### Aktibidad na Tungkol sa Pagkabuhay na Muli

PARA SA ALMA 39–42

Itinuro ni Alma ang tungkol sa pagkabuhay na muli (tingnan sa Alma 40:23). Gumawa ng isang puppet na kamukha mo! Maaari kang gumamit ng paper bag, kapirasong papel, o medyas para gumawa ng puppet. Gumamit ng mga marker, pintura, yarn, o iba pang mga bagay para lagyan ito ng dekorasyon. Ang iyong kamay ay katulad ng iyong espiritu, at ang iyong puppet ay katulad ng iyong katawan. Dahil kay Jesucristo, ang ating katawan at espiritu ay magsasamang muli magpakailanman matapos tayong mabuhay na muli.

**Para sa mas maliliit na bata:** Gumawa ng isang bagay para igalaw ang iyong katawan, tulad ng pagsasayaw o paglalaro! Pagkatapos ay pag-usapan kung paanong ang ibig sabihin ng pagkabuhay na muli ay mapapasaatin muli ang ating katawan pagkatapos nating mamatay.

MGA PAGLALARAWAN NI KATY DOCKRILL

Agosto 12–18

### Muog ng Kaligtasan

PARA SA ALMA 43–52

Noong naghahanda si Kapitan Moroni para sa digmaan, nagtayo siya ng mga bagay sa paligid ng lungsod upang mapanatiling ligtas ang mga tao (tingnan sa Alma 50:1–6). Magtayo ng muog kasama ang iyong pamilya. Tuwing may bago kang idaragdag sa iyong moog o kuta, banggitin ang isang bagay na magagawa mo para mapanatiling ligtas ang iyong pamilya sa espirituwal, tulad ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan o pagdarasal.

**Para sa mas maliliit na bata:** Magtayo ng isang muog na mauupuan. Pag-usapan kung paano nagtatayo ang mga tao ng mga muog para maging ligtas. Pagkatapos ay pag-usapan kung paano natin espirituwal na magagawang ligtas ang ating mga tahanan sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan.





Agosto 19–25

### Mga Liham ng Pagmamahal

PARA SA ALMA 53–63

Sumulat si Helaman at ang iba pang mga lider ng mga liham, para sabihin sa isa't isa ang tungkol sa mabubuti at masasamang bagay na nangyayari sa mga digmaan o giyera (tingnan sa Alma 56). Maaari ka ring sumulat ng mga liham! Sulatan ang isang kapamilya o kaibigan. Isulat ang mabubuting bagay na nangyayari sa iyong buhay at ang mga bagay na mahirap para sa iyo. Pagkatapos ay ipadala ang iyong liham!

**Para sa mas maliliit na bata:** Magpraktis sa pagsulat ng "Mahal kita" o pagdodrowing ng puso para ibigay sa isang taong mahal mo. Pag-usapan kung paano rin sumulat ng mga liham ang mga propeta sa mga banal na kasulatan.